ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 2| February 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

GLOSARYO NG WIKA SA MGA MAGSASAKA

Floresa S. Silawan, MAED
Teacher II, San Isidro National High School, San Isidro, Sogod, So. Leyte

ABSTRACT
The purpose of this study is to determine the register language of farmers in the Sogod Bay Area of Southern Leyte, Philippines. The researcher created a dictionary using the linguistic register that was gathered. This study employed the survey-based descriptive method. The Sogod Bay Area community was the source of the participants. Every participant was a farmer. The towns that are part of the Sogod Bay Area are Padre Burgos, Malitbog, Tomas Oppus, Bontoc, Sogod, Libagon, Liloan, San Francisco, Pintuyan, and San Ricardo. The questionnaire is the instrument used in this study. Based on the results of the analysis, it was found that the farmers in the Sogod Bay Area of Southern Leyte are the source of language registers. The farmers' language registers are divided into ten (10) categories. Plants, tools, harvesting, cooking, soil types, labor, animals, insects, food preparation, and animal command fall under these areas. The registers of language among the farmers in the Sogod Bay Area have almost different terms in ten towns, and there are also some similar terms, but only a few. A glossary of language registers of farmers in the analysis of phonological and morphological forms to better describe the characteristics of the language of the Sogod Bay Area of Southern Leyte, for teachers to use local terms such as the developed output as a basis for teaching when the subject is register, and to conduct further studies of languages among farmers in other parts of Southern Leyte.

KEYWORDS: *Categories; Food Preparation; Harvesting; Register; Soil Types*

1.0 INTRODUKSYON

Ang tao ay gumagawa para mabuhay at sa kanyang paggawa, gamit niya ang *wikang* higit na makatutulong sa kanya upang siya ay lubos na maunawaan tungo sa pagtugon sa kanyang mga pangangailangan. Ang bawat uri ng tao ay may kanya-kanyang grupong kinabibilangan na mayroon ding sariling wikang ginamit sa kanilang sariling pamumuhay. Ito'y patuloy na umuusbong dahil ang wika ay nagbabago at hindi ito maaaring tanggihan ang pagbabago.

Sinasabing ang wika ay buhay dahil bukas sa pagpasok ng mga bagong salita ayon sa pangangailangan ng panahon. Sa aklat ng Komunikasyon at Pananaliksik Tungo sa Wika at Kultura ni Marquez (2016) ay nagsabing ang wika ay dinamiko at patuloy na nagbabago, dumarami at nadadagdagan. Ibig sabihin, ang pagkakaroon ng pagkakaiba-iba sa wika ay hindi makasasama. Maaari itong tingnan bilang isang proseso ng pag-unlad at pagyabong, isang magandang pangyayari sa pagpapayaman sa wika. Tandaan na maraming salita ang nagkakaiba-iba ng kahulugan ayon sa larangang pinaggamitan. Natutukoy lamang ang kahulugan nito kung malalaman ang larangang pinaggamitan nito.

Ayon kay Da Rosa (2017) mahalagang matukoy ng tao ang wika kung sa anong larangan kung saan ito ginamit upang hindi magkamali ang pagbigay ng kahulugan at maging madali ang pag-unawa rito. Ang *register* ay varayting kaugnay ng panlipunang papel na ginagampanan ng tagapagsalita sa oras ng pagpapahayag. Ang *register* ay ang tanging paggamit ng wika sa isang larangan o bahaging-larangan na siyang tugon sa intelektwalisasyon ng wika. Sa Leyteňong binisaja may salita ring nagkakaiba ang kahulugan depende kung sa anong kontekstong sosyal siya napabilang. Ang pagkakaroon ng kakaibang katawagan, tono, ekspresyon ay dulot sa kakaibang kontekstong kinabibilangan ng tao. Ang kontekstong sosyal ay kumakatawan sa uri tao, uri ng okasyon, at iba pang nakaimpluwensiya sa pagbibigay kahulugan sa paraan ng pagsasalita, ano ang sinasalita, tono at ano ang ikinikilos (Riise, 2016). Ang paraan ng pagbibigay-reaksiyon ng tao sa isang sitwasyon o pangyayari ay may kinalaman sa kanyang kinabibilangan o sa kontekstong sosyal.

Dulot ng mabilisang pagbabago at pag-iral, maraming salita ang nadagdag kaya minsan nagiging masama ang impluwensya nito sa bawat isa. Minsan nakakainsulto, minsan nakakaaliw pero nakadepende pa rin sa taong gumagamit, paraan ng paggamit at ang taong tagapagtanggap. Sa isang akademikong pagbasa, madalas nakatatagpo ng mga salitang iba ang kahulugan o hindi akma ang pagkagamit dahil sa kahulugang taglay nito.

Ayon kay Riise (2016) nagkakaroon ng iba't ibang katawagan at kahulugan ang isang salita batay sa trabaho, pamumuhay at nakagisnan ng tao. Sa pag-aaral ni Borong (2022) ipinaliwanag na ang patuloy na pag-aaral ng kinagisnang wika ang isang kahanga-hanga dahil magsisilbi itong katugunan sa mga suliranin ng guro na nagtuturo ng asignaturang Mother Tongue. Ang pahayag ni Borong (2022) ay isa sa mga dahilan kung bakit nahikayat ang mananaliksik na alamin ang register na wika sa iba't ibang uri ng tao sa bayan ng Sogod *Bay Area.*

Nahikayat din ang mananaliksik na ipagpatuloy ang pag-aaral na ito upang makatulong sa dakilang adhika ng kagawaran ng edukasyon sa ilalim ng ng programang MTB MLE dahil sa tuwing dadalo ng mga seminar sa dibisyon isa sa mga hinaing ng mga gurong nagtuturo ng Mother Tongue ay ang kakulangan ng glosaryo ng Southern Leyteňong wikain samakatuwid ang magiging awtput ng pag-aaral na ito ay nagiging isang gabay upang matulungan ang mga guro na mapagaan ang pagtuturo sa programang MTB-MLE.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 2| February 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Nilalayon ng pag-aaral na ito ay makilala ang *register* ng wika ng mga magsasaka ng taga-Southern Leyte partikular sa Sogod *Bay Area*. Kinilala sa pag-aaral na ito ang mga temang napaloob at kaluhugan ng mga *register* na wikang ginamit ng mga magsasaka ng Sogod *Bay Area* ng Southern Leyte at makabuo ng isang glosaryo sa mga register na wika sa magsasaka.

2.0 TEORETIKAL- KONSEPTUWAL NA BALANGKAS NG PAG-AARAL

Nakasalig sa pag-aaral na ito ang teoryang sosyolinggwistiko ni Constantino (2000). Ipinahayag sa teoryang ito na ang wika ay *heterogenous* dahil sa magkakaibang mga indibidwal at grupo na may magkakaibang lugar at tinitirhan, interes, gawain, pinag-aralan at iba pa. Ang pahayag na ito ay angkop sa kasalukuyang pag-aaral dahil sinuri rito ang mga *register* na wika sa mga magsasaka sa Sogod *Bay Area* probinsiya ng Southern Leyte. Sinuri rito ang kakaibang katangian ng kanilang wika na ginagamit sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay. Sa resulta ng pag-aaral na ito ay mapatunayan ang pahayag ni Constatino (2000) na wika ay *heterogenous*.

Dala ito ng nagkakaibang pangkat ng tao na may iba't ibang lugar na tinitirahan, interes, gawain, pinag-aralan at iba pa. Sa pagdaan ng panahon nagiging ispesyalisado ang mga gawain at tungkulin ng tao at ito ay nagreresulta sa pagkakaiba-iba ng kultura at wika na siyang nagiging panukat sa progreso ng tao. Ang mga pagkakaibang ito sa wika ay nagbunga ng iba't ibang pagtingin, pananaw at saloobin dito kaugnay ng hindi pagkakapantay-pantay ng mga wika pati ng mga tagapagsalita, kultura at sibilisasyon (Constantino, 2000).

Kaugnay sa pahayag ni Constantino (2000) ipinahayag ni Chomksy (1957) na ang natutuhan wika ay nakaprograma na sa utak ng tao at maging higit itong napaunlad at mabubuo ng mas kumplikadong konsepto sa paglipas ng panahon. Ibig sabihin na sa bawat pagbabago na nangyayari sa edukasyon, mga guro at mag-aaral ang naaapektuhan. Sa bahagi ng mga guro, kinakailangan niyang dumaan sa mga karampatang pagsasanay sa mga bagong paraan upang maisakatuparan ang hinihiling ng kurikulum na itinakda ng pamahalaan. Isa sa nga nakatakda sa gabay ng kurikulum (curriculum guide) ang mga *register* na wika sa sa iba’t ibang lugar ng Pilipinas. Sa pag-aaral na ito mga magsasaka na *register* na wika ang sinuri.

Ang pagkakaroon ng mga uri o varayti ng wika na nakikita sa katayuang panlipunan ng isang indibidwal ay maaring magkaroon ng iba’t ibang kahulugan ayon sa larangan o disiplinang pinaggamitan nito. Kaya may mga salitang tinatawag na mga espesyalisadong termino gaya ng mga salitang siyentipiko o teknikal na nagtataglay ng iba’t ibang kahulugan sa iba’t ibang larangan o disiplina.
Kaugnay sa teoryang ito inilahad ni Williams (1992) na binanggit dyornal nina Pelesco at Borong (2021) na ang pagkakaroon ng mga uri o varayti ng wika na nakikita sa katayuang panlipunan ng isang indibidwal. Ibig sabihin na ang isang salita o termino ay maaring magkaroon ng iba’t ibang kahulugan ayon sa larangan o disiplinang pinaggamitan nito. Kaya may mga salitang tinatawag na mga espesyalisadong termino gaya ng mga salitang siyentipiko o teknikal na nagtataglay ng iba’t ibang kahulugan sa iba’t ibang larangan o disiplina.

Ang kakayahan sa pagkatuto ng wika ay kasama na mula sa pagkasilang at likas itong umuunlad sa pakikipag-interaksyon ng banta sa kanyang kapaligiran. Ang wika ay may iba’t ibang barayti. Ito ay sanhi ng pagkakaiba ng uri ng lipunan na ating ginagalawan, heograpiya, antas ng edukasyon,
okupasyon, edad at kasarian at uri ng pangkat etniko na ating kinabibilangan. Dahil sa pagkakaroon ng *heterogenous* na wika tayo ay nagkaroon ng iba’t ibang baryasyon nito, at dito nag-ugat ang mga *variety* ng wika, ayon sa pagkakaiba ng mga indibidwal. Ipinahiwatig lamang dito na kailangang alagaan ang pag-unlad ng isang wika dahil ayon kay Skinner (1968) ang pagkatuto ng wika ay bunga ng panggagaya, paulit-ulit na pagsasanay hanggang sa mamaster ang tamang anyo nito. Samakatuwid hindi maikakaila ang pagkakaroon ng varayti ng wika. Ang mga salitang nakalap mula sa mga kalahok na mga magsasaka at mangingisda ay sinuri at mula rito ay bumuo ang mananaliksik ng isang Glosaryo-Dokumentasyon sa mga Register na Salita sa Magsasaka.

3.0 METODOLOHIYA

Ang pamaraang deskriptibo o palarawan gamit ang sarbey ang ginamit sa pag-aaral na ito upang makakalap ng mga impormasyon tungkol sa mga *registe*r na wika sa taga-Sogod *Bay Area*. Ipinaliwanag ni Best (1963), na ang palarawang pananaliksik ay isang imbestigasyon na naglalarawan at nagbibigay kahulugan sa kung ano. Ito ay may kinalaman sa mga kondisyon ng mga ugnayang nagaganap, mga gawaing umiiral, mga paniniwala at prosesong nagaganap, mga epektong nararamdaman o mga kalakarang nadedelop. Angkop ang desinyong ito upang maipakita ang varayti ng wika ng Sogod *Bay Area* sa lalawigan ng Southern Leyte. Pagsasaka ay isa sa mga pamumuhay ng mga tao rito. Sa pag-aaral na ito mga bayan mula sa Sogod *Bay Area* ang kinuhang mga kalahok. Ang kalahok ng pag-aaral na ito ay mga taong may pamumuhay na pagsasaka. Mga pagsasaka lamang ang binigyang-diin ng pag-aaral na ito dahil ito ang karamihang pamumuhay ng mga taga-Sogod *Bay Area*. Mula sa nakuhang impormasyon sa Statistic office sa Maasin City 45% sa mga Southern Leyte ay pagsasaka ang pamumuhay. Isa pa karamihang sa mga mag-aaral ng mananaliksik ay magsasaka ang kanilang mga magulang. Bawat bayan ng Sogod *Bay Area* ay kumuha ang mananaliksik ng sampung magsasaka na may edad na dalawampu pataas. Talatanungan ang instrumentong ginamit para sa pag-aaral na ito. Mga tanong tungkol sa estado ng kanilang pamumuhay, mga proseso at mga paraan ng pagsasaka at pa, mga kagamitang ginamit, at iba pang tanong na may kinalaman sa kanilang pamumuhay. Ang mga salitang nakuha mula sa mga kalahok ang ginamit bilang instrumento sa pag-aaral na ito. Ang mga salitang nakalap ay sinuri at kinakategorya. Ginamit ng mananaliksik ang *Thematic Analysis*, ayon sa pag-aaral ni Caufield (2019) ito ay isang paraan sa pag-aanalisa ng kwalitatibong datos. Ito ay karaniwang ginamit sa grupo ng mga tekstong gaya ng panayam. Masusing sinuri ng mananaliksik ang mga temang pagkakapareho ang paksa, ideya, at ang kahulugan. Isa sa paraan ng *thematic analysis* ay *coding*, ayon nina Stress at Cobin (1990) ito ay isang proseso ng pagpili ng *core* kategorya, na may kaugnayan ito sa iba pang relasyon at pagpapatunay sa mga relasyon.

4.0 RESULTA NG PAG-AARAL

Sa kabanatang ito ay sinuri, inilahad at binigyang kahulugan ang mga *register* na wika ng mga magsasaka ng Sogod *Bay Area*,

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 2| February 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Southern Leyte. Sa bahaging ito ang bawat bilang ng suliranin ay may kaakibat na mga paliwanag.

Register na Wika ng mga Magsasaka at ang Kahulugan

Sa mga nakalap na mga register na salita ng mga magsasaka lumalabas na may labing-isang (11) kategorya. Ito ay ang kategorya sa *pagtatanim, sa hayop, pagkain, kagamitan sa pagsasaka, pag-utos, insekto, pagluto, uri ng lupa, ani (harvest), trabaho* at *pagkain.* Ipinakita sa Talahanayan 1, ang iba't ibang wika o *register* ng mga wikain sa magsasaka. Tuwing buwan ng wika patuloy na pinaigting ang paggamit at pagtangkilik sa sariling wika. Ipinakita sa Talahanayan 1 marami sa mga *register* na wika na tanging ang ama o inang magsasaka lamang ang lubos na nakaunawa sa mga salitang ito. Iilan lamang sa mga mag-aaral na anak ng magsasaka ang nakaunawa sa mga *register* na salita ng mga magsasaka. Ito ay napatunayan ng mananaliksik na habang ginawa ang pangangalap ng datos ang ilang mga salitang nakalap ay ginamit sa kanyang klase. Natuklasan na iilan lamang sa mga mag-aaral ang nakakuha ng tamang kahulugan sa mga katawagang ginamit sa mga magsasaka. Mapapansin na may mga terminong ginamit ng mga magsasaka na hindi karaniwang ginamit sa araw-araw na pakikipagtalastasan.

Talahanayan 1: ***Mga Register na Wika ng mga Magsasaka at ang Kahulugan***

Kategorya	Wikang Filipino	Mga Bayan ng Sogod Bay Area										Kahulugan
		Padre Burgos	Malitbog	Tomas Oppus	Bontoc	Sogod	Libagon	Liloan	San Francisco	Pintuyan	San Ricardo	
Tanim	malaking bigkis	bulto	paldo	paldo	bulto	bulto/ paldo	bulto	bangan	bandol	paldo	balotan	*malalaking bungkos ng hibla*
	Bahagi ng mais	Pakal	bukag	agungal	pakaw	pakaw / angungal	pakaw	pakaw/ agungal	subok	agungal	pakaw	*pinagdikitan ng laman ng mais*
	bilad	donjang	humad	humad	humad	humad	ibuwaray	humad	buwad	humad	ibuwad	*pagbilad ng palay*
	pagtatanggal sa bawat butil ng mais	banggod	lobo	lobo	lobo/ banggod	lobo	lobo	lobo	lobo	lobo	bangod	*pagtanggal ng laman ng mais mula sa agungal nito*
	Walang laman	labong	labong	labong	lambayong	maglambayog	bukas	maglambayong	maglambayong	maglambayong	labong	*walang bunga dulot ng sobrang taba ng lupa*
	binhi	Lawngon	palawngonon	palawngonon	palawngonon	palawngonon	lawngon	lawngon	lawngon	lawngon	similya	*binhi ng sitaw*
	pag-aayos	kamada	kamada	pagplastar	kamada	kamada	kamada	batakon	kamada	pagkama	kamada	*paghanda ng niyog upang e tapa ito*
	patay budlis	sino	patay badlis	tagsikan	patay budlis	tigsikan/sino	tigsikan	tagsikan	tagsikan	patay budlis	balis	*niyog na kulay berde pa ngunit pwede ng ikopra*
Kagamitan	bahay-bahayan	harog	balayan	harog	kamangan	Awnggan /kamangan	awngan	harog	balayan	nalandungan/ napadungan	balayan	*bahay-bahayan ng sitaw*
	isang kagamitan ng paggawa ng hibla	bal-is	hag-otan	bal-is	bal-is	kilighan/bal-is	kinighan	bal-is	bal-is	bal-is	bal-is	*de manong ginagamit panghibla*
	sampayan	budlaran	budlan	budlaran	budlaran	buwaran/ budlahan	budlaan	hayhajan	hayhayan	budlaran	sampayan	*sampayan ng hibla*
	pagtawag ng pag-ani ng abaka	agsa	agsa	kigi	hag-ot	kigi	hag-ot	hag-os	agsa	agsa	ani	*ani ng abaka*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 2| February 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Ani	pag-ani	bukad	lukat	lukat	manglukat	mamukad/ bukad	larot	bukad	ibot	ibut	kubkub	*ani ng singapore/luya*
	paraan ng pag-ani ng palay	kutsetsa	abot	kutsetsa	kutsetsa/ gab	gabgab	abot	abot	ani	gabgab	lindog	*ani ng palay*
Luto	uri ng pagluto	anhuy	sunog	anhoy	anhoy	sunog/ anhuy	anhoy	anhoy	anhoy	antud	anhuy	*malapit ng mapagod ang pagkain*
	hindi pa masyadong hinog	kabaangan	kabangaan	kabaangan	kalbaangan	lajon	kalbaangan	kalbaangan	kabaangan	kabaangan	kabaangan	*malapit ng mahinog*
	sobrang hinog	lata	latong	latong	latong	latang	sobras hinog	sobras hinog	lata	tanang	lata	*sobrang hinog*
	nasunog	pagod	pagod	pagod	pagod	paig/pagtong	pagod	pagod	pagod	pagod	pagod	*Sunog na pagluto*
Uri ng Lupa	banikan	banika	omaw	banika	banikan	banikan/ banikan	baol	banika	banika	baol	baol	*sakahan na walang tubig*
	matigas	bantog	gahi	bantok		gahi/bantok	gahi	naughan	gahi	gahi	gahi	*matigas na lupa*
	matubig	bingo	halbo	binog	binog	Bingo	binog	lunog-lunog	halbo	humok	humok	*sakahan na malalim ang tubig*
	uri ng lupa	bukagay	batoon	pansil	kabatuan	Bugakon /pansil	pansil	kapansislan	kapansilan	batuon	batoon	*mabuhanging lupa*
Trabaho	pagtutulungan sa pagbayo	asud	asud	tinagutlo	asud	asud	asug	lubok	lubok	asud	budbud	*tatlong taong magbayo ng palay de-mano*
	bayanihan	hungosay/ bulhon	ayunay	bulhon-bulhon	bulhon-bulhon	bulhon	ajunay	ajon	hungos-hungos	hungos-hungos	ajon	*pagtulung-tulungan ng mga tao sa gawain*
	bayad	suhol	suhol	suhol	suhol	hurnal	suhol	suhol	suhol	suhol	suhol	*taong binabayaran sa pagtrabaho*
Hayop	biik	baktin	baktin	baktin	baktin	baktin	baktin	baktin	baktin	baktin	baktin	*Biik*
	ihid	ihid	ihid	ihid	ihid	ihid	ihid	ihid	ihid	ihid	ihid	*pinakamaliit sa lahat ng bagong anak na baboy*
Insekto	uri ng sakit ng palaya	tungro	tungro	tungro	tungro	tungro	tungro	tungro	tungro	tungro	tungro	*sakit sa palay*
Pagluto ng Pagkain	turak			Turak						Turak		Pagluto ng kamoteng kahoy
	tapa	Tapa	tapa	Tapa	Tapa	Tapa	Tapa	Tapa	Tapa	Tapa	tapa	Pagluto ng kopra
Pag-utos ng Hayop	hinto	wat	wat	wat	wat	wat	wat	wat	wat	wat	wat	*pinahinto ang kalabaw*
	is	is	is	is	is	is	is	is	is	is	is	*mag-umpisa ng mag-araro*
	dito	dri	dri	dri	dri	dri	dri	dri	dri	dri	dri	*pinapaliko sa ibang*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 2| February 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

												direksyon sa pag-araro
	tsi	tsi	tsi	tsi	tsi	tsi	tsi	tsi	tsi	tsi	tsi	*pinaalis ang as*
	miyaw	miyaw	miyaw	miyaw	miyaw	miyaw	miyaw	miyaw	miyaw	miyaw	miyaw	*tunog ng pusa*
	tsu- tsu	tukoy-tukoy o tsu	tukoy-tukoy o tsu	tukoy-tukoy o tsu	tukoy-tukoy o tsu	tukoy-tukoy o tsu	tukoy-tukoy o tsu	tukoy-tukoy o tsu	tukoy-tukoy o tsu	tukoy-tukoy o tsu	tukoy-tukoy o tsu	*pinapalapit ang aso*

Tulad ng wika na napabilang sa kategorya ng tanim *paldu* (pagbigkis ng lubid), *agungal* (bahagi ng mais), *lobu* (pagtatanggal sa bawat butil ng mais), *humad* (pagbilad ng palay pagkatapos ng pagharvest), *maglambayug* (walang laman ang kamote dahil sa sobrang taba ng lupa), *patay budlis* (ang tawag ng niyog na berde pa ang kulay ng balat pero pwede ng makokopra), at maraming pang iba. Sa mga nakatalang salita sa talahanayan ay nagpahiwatig din na ang bawat pamumuhay ay may kanya-kanyang katangian ng wika na nagbigay pagkakilanlan. Tulad ng mga *register* wika sa mga magsasaka, marami sa kanilang mga katawagan na ang mga magsasaka lamang ang nakauunawa. Patunay nito habang ginawa ng mananaliksik ang interbyu sa mga kalahok marami sa kanilang mga terminilohiya na hindi naunawaan ng mananaliksik tulad sa kategorya ng **tanim** ang *pagkama* ito ang katawagan sa pag-aayos ng mga niyog bago lutuin, sa **kagamitan** ang *awngan* na ibig sabihin nito pinagkapitan ng sitaw, ang halimbawa sa kategorya ng pag-**ani** ang *kigi* na ibig sabihin ang katawagan sa paghaharvest sa mga abaka, at marami pang iba. Ang *register* na wikang **pagkama** ay mayroong din itong ibang katawagan sa ibang lugar ng Sogod *Bay Area* tulad ng *kamada, pagplastar*, at *batakun.*

Ang **kagamitang** *awngan* naman ay ganoon din tulad ng *harug, balayan,* at *kamangan*. Pareho rin ang pag-**ani** ng abaka tulad ng *agsa, hag-ut, hag-us,* at *ani.* Ang katawagang nabanggit ay iilan lamang sa halimbawa ng mga *register* na wika ng magsasaka na ang mga salitang ito ay bago sa pandinig din ng mananaliksik. Sa mga inilahad ipinakita lamang dito na napakalaking ginagampanan ng wika sa pang-araw-araw na buhay ng tao. Dahil magsisilbi itong batas ng mga tao na bahagi sa pamumuhay nila. Batas dahil kinakailangan gamitin ng mga magsasaka ang tamang terminilohiya para magkaunawaan. Mapapansin na nagkakaroon ng mga katawagan ang mga magsasaka na maaaring sila lamang ang makaunawa.

Sa resultang ipinakita angkop ang pahayag ni Pasion (2015) na ang paggamit ng heterogenous ng wika ay dahil sa magkakaibang mga indibidwal at grupo na may magkakaibang katawagan. Naniniwala si Voltaire (2016), na isang payak na mga katawagan o terminolohiya na minsan na maging dahilan ng hindi magkakaunawaan dahil sa hindi nagkakaintihan sa mga katawagang ginamit. Ipinahiwatig lang dito na mahirap unawain ang mga salita hangga't hindi nauunawaan ang mga kahulugan nito.

Ang mga salitang nakatala ay hindi komon sa karamihan lalo na sa mga mag-aaral. Nagkakaroon ng katanungan sina Tobesa, Andes, Castro, Del Rosario, at Mendoza (2019) na sa pang-araw-araw na pakikisalamuha sa mga iba't ibang uri ng tao sa lipunan may tumalima ba sa inyong isip kung bakit ito ang tawag ng isang bagay, trabaho, kagamitan, at iba pang katawagan? Idinagdag pa niya ang pagsasaka ay isang propesyon na tila hindi nabibigyan ng tamang dangal kasabay rin nito ang pagwawalang bahala sa mga rehistro ng wika. Ang pahayag ni Tobesa, Andes, Castro, Del Rosario, at Mendoza (2019) ay sinuportahan nina Torilla, De Lara, at Ijan (2020) ang dahilan kung bakit marami sa mga kabataan ang walang pagmamalasakit sa mga *register* na wika lalo na sa magsasaka dahil iba ang mundong kanilang ginagalawan. Paglalaro ng *cellphone*, panonood ng telebisyon, pag*shoshopping* at iba pa. Ito ay sinuportahan ni Camar (2020) na hindi masisi kung bakit marami sa mga kabataang Pilipino ang walang pakialam sa mga wika ng mangingisda at magsasaka sapagkat iba ang kanilang lipunang ginagalawan na maaaring ang mga salitang ito ay walang kabuluhan para sa kanila. Sang-ayon ang mananaliksik sa pahayag ni Camar (2020) dahil iba ang kinagigiliwang wika ng mga kabataan ngayon na nagbibigay sa kanila ng kawilihan.

Sa mga salita na naitala nagpapahiwatig ito na may mga katawagan o terminolohiya na *register* lamang sa mga magsasaka. Ibig sabihin may mga salitang nakaugat sa tao batay sa kanyang kinabibilangan. Ang mga salitang makikita sa talahanayan ay isang malaking tulong sa kaalaman ng mga mag-aaral dahil karaniwan ng mga mag-aaral ng high school sa Sogod *Bay Area* ay pagsasaka o magsasaka ang kanilang mga magulang. Pero marami sa kanila ay hindi alam ang mga *register* na salita ito. Napagtanto ng mananaliksik na hindi maipakaila kung bakit ang *register* na salita ay itinuring na mahalagang alamin bilang barayti ng wika. Ipinakita rito na ang wika ng magsasaka ay tulad ng ibang wika ay may kakaibang katangian.

Kung pansinin natin ang salitang *is,* at *wat* kung hindi ito isulat sa Filipino kung pakinggan lamang ito maraming mag-aakala na ito ay wikang English. Walang mag-aakala na ito ay tawag sa pag-uutos sa kalabaw. *Is*, ibig sabihin lakad at *wat* ibig sabihin hinto. Ang naturang *register* na *is* at *wat* ay pawang magkakapareho lang ang katawagan sa sampung bayan sa Sogod *Bay Area*, hindi katulad sa naunang nabanggit sa itaas na kategorya na magkakaiba. Ayon kay Augosto (2021) ang mga salita ay nagkakaroon ng kahulugan ng bawat nagsasalita kung saan ito nagmula at ginagamit. Sa mga nabanggit na katangian sa pagpapakahulugan ni Gleason na binanggit ni Alviar (2015) ay ang pagiging arbitraryo nito na ibig sabihin bawat lugar o rehiyon sa Pilipinas o iba pang karatig na bansa sa buong mundo ay may kanya-kanyang wika na napagkasunduan ng mga mamamayan na gumagamit nito. Nangangahulugan na bawat wika sa isang lipunan ay may kanya-kanyang mga katawagan na nabubuhay

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 2| February 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

dahil sa paraan ng kanilang pamumuhay. Ito ay napatunayan ng mananaliksik na habang ginawa ang interbyu sa mga ilang mamamayan ng bayan ng Sogod By, tinanong kung bakit ang *lanut* (raw materials na gamitin sa paghahabi ng sinamay) ay tinawag na *tinagak*. Ayon sa mga kalahok ang gumagawa nito ay nakaupo, habang iniisa-isang dinugtong ang bawat piraso ng bahagi ng abaka ay inihulog ito (*gitagak*) hanggang ito ay humahaba nang husto at pwede nang gamitin sa paghahabi ng sinamay kaya tinatawag itong *tinagak.* Ipinakita rito na ang katawagang ito ay nakabatay sa kanilang hitsura o posisyon habang ito ay ginagawa.

May kasabihan sa English *we cannot give what we don't have* ibig sabihin paano maituro, maibahagi at mailokalisado ng mananaliksik ang kanyang klase ang tungkol sa barayti ng wika sa Sogod *Bay Area* partikular sa *register* kung siya mismo ay kulang ang kaalaman. Ang mga nakalap na mga salita ay nakatutulong sa kakayahan ng mananaliksik sa pag-unawa sa mga *register* na wika sa magsasaka.

Sa kabuuan, malinaw na inilahad sa resulta na ipinakita sa Talahanayan 1 na ang *register* na wika ay nakabatay na inugnay sa okupasyon, propesyon o paksa. Ibig sabihin na ang bawat okupasyon at propesyon ay may kanya-kanyang barayti ng wika na ginagamit at ang magkakatulad na okupasyon, propesyon o paksa ang nagkakaintindihan sa kadahilanang sila ang nagkakaroon ng interaksyon at nagkakaunawaan. Gaya ng mga ipinakita sa talahanayan na tanging mga magsasaka lamang ang nakakaunawa sa mga salitang ito.

5.0 MGA KONKLUSYON

Ang mga terminolohiya ng wika ng mga magsasaka ay may kanya-kanyang barayti na kung saan may kakaibang kahulugan. Kaya malaking bagay na alamin kung ano ibig sabihin nito nang sa gayon ay magkakaunawaan ang tagapagsalita at ng nakikinig, lalo na at ang mga salitang iyon ay hindi karaniwan sa lahat, tanging mga magsasaka lamang ang siyang gumagamit. Bunga sa isinagawang pag-aaral ay inirekomenda ng mananaliksik ang magkakaroon ng ibayong pag-aaral na nakatuon sa pagsusuri sa anyong ponolohikal at morpolohikal upang mas mailalarawan ang katangian ng wika ng Sogod *Bay Area* ng Timog Leyte at gamitin ng mga guro ang mga lokal na katawagan tulad ng nabuong awtput bilang batayan sa pagtuturo kung ang paksa ay *register*.

BIBLIYOGRAPI

1. *Alviar, K. (2015). Komunikasyon sa makabagong panahon. Nakuha mula sa https://www.slideshare.net/kellyalviar1/filipino-101*
2. *Augusto, W. (2019). Cultural lexicon of tagalog and sinugbuanon: An analysis. Malay, 31 (1), 1-19.*
3. *Borong, N. (2022). Language alteration in Leytenong binisaja ˇ of the fifth district of Leyte. Journal of Educational and Human Resource Development, 10, pp. 76-92.*
4. *Camar, A. (2020). Varayti ng wikang Surigaonon: Isang pagsusuri sa ponemang /j/ at /y/. Hasaan, 6(1).*
5. *Pelesco, J. at Borong, N. (2021). Mga bahagi ng pananalita sa iba't ibang kontekstong sosyal: Implikasyon sa pagtuturo ng mother tongue. International Multilingual Journal of Science and Technology (IMJST), 6(7).*
6. *Pasion, R. (2015). Yang pagbu'lol-bul'lok: Varyasyon ng wikang mandaya sa ilang munisipalidad ng Davao Oriental. Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, 3 (2).*
7. *Riise, S. (2016). What does social context mean? Can you give me some practical examples? Retrieved mula sa quora.com/What-does-social-context-mean-Can-you-give-me-some-practical-examples*
8. *Tobesa, D., Andes, S., Castro, M., Del Rosario, K. at Mendoza, A. (2019). Lupera: Isang unti unting pagkawala ng kultura at rehistro ng pagsasaka. Di-nailathalang tesis, Bulacan State University, Malolos, Bulacan*